# MGA PROPETA AT PROPETISMO

*Hindi manghuhula, kundi ang siyang magsasabi sa inyo ng aking mga utos* (Dt 18:10-18).

Ang papel ng mga propeta ay hindi ang hulaan ang mangyayari, kundi upang ipaalam ang kalooban ng Diyos. Sa Deuteronomio, pinaghahambing itong dalawang kaisipan tungkol sa pagpopropeta. Ang mga pagano ay mayroong "mga manghuhula" o "sumasangguni sa mga bituin o sa mga espiritu ng mga patay." Kinasusuklaman ng Diyos ang lahat ng ito at binibigyan niya ang kanyang bayan ng mga propeta para ipahayag "ang kanyang mga salita." Gusto ng mga taong malaman ang mangyayari upang makontrol ito. Hindi sila gaanong interesadong malaman ang salita ng Diyos at mamuhay sa katotohanan. Ngunit ibinibigay muna ng mga propeta ang salita ng Diyos, at pangalawa lamang ang panghuhula nila sa mangyayari bilang patunay ng kanilang misyon.

## *Iba't ibang klase ng mga propeta*

*Nagsalita ang Diyos noong nagdaang panahon sa pamamagitan ng mga propeta sa maraming magkakaibang paraan* (Heb 1:1).

Palaging iniaangkop ng Diyos ang kanyang mga kaloob sa tumatanggap nito. Kaya maraming klase ng pagkapropeta. Hindi magkaparehong espiritu ang tinatanggap ng mga tao na may sinaunang kultura, at ng mga hinirang at inihanda ng Diyos "mula sa sinapupunan" sa ibang kalagayang panlipunan.

Ang mga propeta sa Biblia ay kabilang sa dalawang pangunahing uri: ang mga kapwa-propeta na mga dukha ngunit relihiyosong mga tao, mga propesyonal sa pagpapakita ng kapangyarihang espirituwal sa masiglang paraan, nang may kasamang kanta at sayaw, pagka-wala ng malay-tao at panghuhula.

Ngunit ang iba naman ay makapagsasabing kasama ni Amos: *Hindi ako propeta o isa sa mga kapwa-propeta* (Am 7:14) at pinagsasabihan ng Diyos: *Bago ka pa isilang, itinalaga na kitang propeta* (Jer 1:1).

Bagamat ang Diyos ay makapagbibigay ng kaalaman sa mangyayari at mga tunay na pampropetang salita sa mga marapat o di-marapat na mga tao, na mga kasangkapan lamang, hindi niya ito ginagawa sa mga dakilang propeta. Sina Elias, Isaias, Hosea at Jeremias, ay may malalim na karanasan ng Diyos na umangkin ng kanila mismong kalayaan. Ibinibigay ng mga propetang ito ang salita sapagkat dinalaw at binago na sila ng mismong Espiritu ng Diyos. Hindi sila mga kasangkapan kundi mga tao ng Diyos. Sinasabi nila sa kanilang mga kapanahon kung ano ang hatol ng Diyos sa buhay na personal at panlipunan at kung saan inaakay ng Diyos ang mundo.

## *Pangkasaysayang pagsulong ng propetismo sa Israel*

Walang katulad si Moises bilang propeta, sapagkat sa pamamagitan niya ibinigay ng Diyos ang mga saligan ng biblikal na pagbubunyag. Ngunit ang kasaysayan at mga kuwento ni Moises na natatagpuan sa Biblia ay sinulat ng mga propeta at pari ng Israel pagkaraan ng ilang dantaon. At ipinalagay nilang na kay Moises ang karanasan at wikang panrelihiyon ng mga dakilang propeta.

Ipinakikita ng buong Matandang Tipan ang pangangaral ng Diyos at ang mabagal na paglago ng pananampalatayang Judio. Sa panahon ng mga Hukom at ni Samuel lumilitaw ang mga grupo ng "kapwa propeta." At kina Samuel at Nathan nagsisimula ang naiiba at mas

seryosong propetismo. Kay Elias tayo nagkakaroon ng unang perpektong huwaran ng propetismong pambiblia, na may tawag mula sa Diyos at lubusang pagsuko ng propeta sa Espiritu ng Diyos. Sumusunod ang mga dakilang "propetang manunulat": sina Hosea, Isaias, Jeremias... Halos lahat sila'y namumuhay at kumikilos sa kaharian ng Juda.

*Wala na tayong hari o propeta* (Dn 3:38).

Ang panahon ng mga propeta ay tumatagal hanggang sa pagbabalik mula sa Pagkakatapon noong hindi na nakikita at kinikilala ng komunidad na Judio ang mga ito. At sa loob ng susunod na apat na dantaon, ang salita ng Diyos na sinabi at isinulat na ay mauunawaan at ipaliliwanag sa sambayanang Judio. Pagkatapos, darating si Jesus.

Katangi-tangi ang mga propeta ng Israel. Namumukod ang kanilang pananampalataya at mas buo ang kanilang pagkatao. Ang dakilang dantaon ng pambibliang propetismo, ang ikaanim na dantaon bago si Kristo, ay siya ring dantaong nagkaroon ng iba pang mga dakilang pinunong panrelihiyon: si Confucius sa China, si Buddha sa India, si Zarathustra sa Iran, at ang mga nagtatag ng pilosopiyang Europeo sa Gresya.

*Kung mangyari ang tandang hinulaan ng propeta, at sinasamantala niya ito upang akayin kayo sa ibang mga diyos, huwag ninyong pansinin ang kanyang sinasabi* (DT 13:3).

Walang propetang mas mataas kaysa panrelihiyong komunidad. Lahat sila'y kailangang kilalanin ng bayan ng Diyos at ng mga panrelihiyong awtoridad: kahit na sa una ay sinalungat sila ng mga awtoridad na ito at ng bahagi ng sambayanan. Tandaan nating hindi laging ibinibigay sa atin ng Biblia ang mga salita ng mga propeta kung paano ang pagkakasabi nila sa mga ito, kundi isinaayos na ito ng komunidad: saka lamang ang mga ito nagiging ganap na Salita ng Diyos.